

Hunyo 18, 2026

Mahalagang paunawa mula sa Department of Developmental Services (Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad) tungkol sa:

2026-27 MGA PATNUBAY AT PANUKAT PARA SA KONTRATA SA PAGGANAP

G-2026-Mga Kinakailangan sa Pag-uulat-001REV

Ang **Kalakip A** sa **G-2026-Mga Kinakailangan sa Pag-uulat-001** na inilabas noong Marso 26, 2026, ay binago sa pamamagitan nito ayon sa ipinapakita ng mga nakasalungguhit na *italics o strikethrough*.
Walang ginawang pagbabago sa Direktiba at Kalakip B.

Ano ang Dapat Malaman

Ang panukat ng pagganap ay isang paraan upang malaman kung gaano kahusay ginagampanan ng isang regional center ang tungkulin nito.

Bawat taon, ang mga regional center ay may mga panukat ng pagganap sa kanilang kontrata sa Kagawaran. Ang mga panukat ng pagganap na ito ay iniaatas ng batas. Dapat makipagpulong ang mga regional center sa komunidad upang pag-usapan ang mga panukat ng pagganap, makakuha ng puna sa kung paano magpapabuti, at suriin kung paano nagagampanan ng regional center ang kanilang tungkulin taon-taon.

Ano ang Magbabago

Ang dokumentong gabay na ito ay hindi binabago ang kung paano natatanggap ng mga indibidwal at pamilya ang kanilang mga serbisyo, maaapektuhan ng mga pagbabago ang mga regional center.

Simula sa 2026–2027, magbibigay ang Kagawaran sa mga regional center ng isang pinagsamang pangkat ng mga tagubilin para sa mga panukat ng pagganap mula sa iba't ibang bahagi ng batas. Ang mga panukat na ito ay ilalapat sa iba't ibang larangan ng serbisyo ng regional center, kabilang ang early start, trabaho, pagkakapantay-pantay at kahusayan sa kultura, pagpaplanong nakasentro sa tao, at marami pa.

May mga katanungan?

Ang mga indibidwal at pamilya na may mga katanungan tungkol sa mga panukat ng pagganap ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang tagapag-ugnay ng serbisyo.

Alamin Pa

Upang matutunan pa ang tungkol sa [mga panukat ng pagganap ng regional center](https://www.dds.ca.gov/transparency/monitoring-reports/regional-centers-annual-performance-and-performance-contract-year-end-reports/), bisitahin ang: <https://www.dds.ca.gov/transparency/monitoring-reports/regional-centers-annual-performance-and-performance-contract-year-end-reports/>